# ANG AKING MGA KARAPATAN AT MGA TUNGKULIN BILANG BATA AT KABATAAN NA KASALI SA FOOTY

## ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA FOOTY?

Bilang isang kabataan, mayroon kang mga karapatan, marami ang mga ito.

Tinatawag ang mga ito na **UN Convention on the Rights of the Child**, alamin ito!

Ang pagkakaroon ng mga karapatan ay magtitiyak na ikaw ay ligtas at protektado sa paggawa ng mga bagay na gusto mo, tulad ng paglalaro ng footy!

Gusto naming maging ligtas, makaramdam na ligtas at maglaro nang ligtas ang lahat ng mga bata at kabataan na kasali sa footy. Narito ang ilan sa mga karapatang nauugnay sa footy:

**Ang karapatan na:**

- tratuhin nang patas, anuman ang iyong kulturang kinagisnan, kasarian o sekswalidad, o kung mayroon kang kapansanan
- maging ligtas sa panganib o pang-aabuso mula sa iyong mga ka-edad o mula sa isang taong nasa hustong gulang na kasama sa komunidad ng footy
- makapagpahayag ng iyong opinyon tungkol sa mga bagay na mahalaga sa iyo, at sineseryosong tinatanggap ito
- magkaroon ng privacy (pagkapribado) kapag nagbibihis ka o naliligo sa mga event (kaganapan) o mga footy trip, o pagkatapos ng isang laro
- magpasya kung gusto mong kuhanan ka ng iyong larawan o ibahagi ito sa internet
- maprotektahan ang iyong personal na impormasyon at hindi ito ibahagi nang hindi mo nalalaman at ng iyong pamilya.

## MGA KAHULUGAN


**Ang Bata:** ay isang taong kasama sa footy na 12 taong gulang o mas bata – kadalasan ay isang manlalaro ngunit maaari ring kapatid ng isang manlalaro o anak ng isang nasa hustong gulang sa club.

**Ang Kabataan:** ay isang taong kasali sa footy na nasa pagitan ng edad na 13 at 18 taong gulang – karaniwan ay isang manlalaro ngunit maaari ring isang reperi (umpire) o may ibang tungkulin sa club, o isang kapatid o anak ng isang manlalaro.

**Ang taong nasa hustong gulang:** ay isang taong kasama sa footy na mahigit sa 18 taong gulang – ito ay maaaring isang coach, manager, umpire, opisyal ng club, kawani ng AFL, volunteer, at/o isang magulang.



## ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA FOOTY?



Ang mga karapatan ay may kaakibat na mga tungkulin, pero malamang na dati mo na itong narinig. Tulad ng paaralan, o trabaho, responsable ka para sa iyong sariling pag-uugali at kung paano ito nakakaapekto sa iba sa paligid mo. Pagdating sa pag-uugali sa footy, tandaan na:

**MAGLARO NANG PATAS** — **Igalang ang lahat ng mga tao sa paligid mo – mga ka-edad, mga coach at mga reperi.**

**MAGLARO NANG LIGTAS** — **Unahin ang kaligtasan, ng iyong sarili, at ng mga taong nakapaligid sa iyo, sa lahat ng oras.**

**MAGING MABAIT SA PAGLALARO** — **Maging inklusibo, matiyaga, at may mainit na pagtanggap, lalo na sa mga bagong dating.**

Madali lang maintindihan, di ba!?

## ANO PA ANG DAPAT KONG GAWIN?

Kung susunod lang tayong lahat sa mga patakaran, lahat ay magiging ok, tama ba? Syempre! Pero ang buhay ay hindi ganito kasimple. Ang mga kabataan ay madalas na maraming pinagkakaabalahan, at minsan madaling makalimutan ang mga patakaran.

Narito ang tatlong madaling mga hakbang para lagi kang sumusunod.

### 1 TINGNAN ANG IYONG SARILI

Tingnan kung ang iyong sariling pag-uugali ay naaayon sa iyong mga responsibilidad at hindi ikaw ang dahilan kung bakit ang ibang tao ay maaaring nakakaramdam na hindi sila ligtas, hindi komportable, hindi tinatanggap, o hindi kasali.

### 2 TINGNAN ANG IYONG MATE

Tingnan ang iyong mga teammate at iba pang mga kaibigan sa footy, tiyakin na sila ay ok at mag-alok na tulong kung magagawa mo.

### 3 MAGSALITA KA

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iba pang bata o kabataan, o nakakita o nakarinig ka ng isang bagay na parang hindi tama, mahalagang magsalita ka:

- Makipag-usap sa isang magulang, tagapag-alaga, miyembro ng pamilya o pinagkakatiwalaang taong nasa hustong gulang tulad ng isang coach, tagapamahala ng team, reperi, opisyal o kinatawan ng club.
- Isulat ang iyong mga alalahanin at ipasa ang mga ito sa iyong club o samahan sa pamamagitan ng email o liham.

Gamitin ang QR code na ito para maipaalam ang iyong alalahanin sa AFL.

**Para sa anumang tanong tungkol sa safeguarding, mag-email sa childsafety@afl.com.au**

**Kontakin ang Kids helpline sa 1800 55 1800 (wala itong bayad) o www.kidshelpline.com.au**

**Gaya ng karaniwang ginagawa, kung mayroong sinumang nasa panganib, kontakin ang pulisya sa 000**

**Tandaan, gusto namin na lahat ng mga bata at kabataan sa footy ay maging ligtas, makaramdam na ligtas, maglaro nang ligtas.**

**MAHALAGA – Kung ang iyong pag-uugali ay nakakaapekto sa kaligtasan at kapakanan ng ibang tao, at ito ay tinalakay na sa iyo at ito ay nagpapatuloy pa rin, o kung ito ay talagang seryoso, maaaring magkaroon ito ng mga konsikuwensya. Maaaring kabilang dito ang mga babala mula sa isang coach hanggang sa pag-abiso sa pulisya.**